

Epekto ng Coronavirus (COVID-19) sa Buwis ng Ari-arian

Maa Madalas Itanong (Maa FAQ)

1. Maaari mo bang palawigin ang deadline na Abril 10, 2020?

Sagot: Hindi. Walang pahintulot ang County sa ilalim ng batas ng Estado na palawigin o ipagpaliban ang deadline ng pangalawang pagbabayad sa buwis ng ari-arian (second installment property tax deadline) sa Abril 10, 2020.

2. Hindi na bukas sa publiko ang mga gusali ng County, ano ang aking mga opsyon sa pagbabayad?

Sagot: Bagaman hindi kami tumatanggap ng mga personal na pagbabayad sa kasalukuyan sa aming mga tanggapan, maaaring magbayad sa online, sa pamamagitan ng telepono o sa pamamagitan ng koreo ang mga nagbabayad ng buwis. Walang gastos para sa mga pagbabayad sa e-Check sa online. Para sa mga online na transaksyon sa credit/debit card, ang aming tagaproseso ng pagbabayad sa card ay naniningil ng 2.25 porsyento na bayad sa serbisyo. Mangyaring bisitahin ang <https://tfc.lacounty.gov/> upang suriin ang lahat ng mga paraan ng pagbabayad, at maraming iba pang mga opsyon sa sariling serbisyo.

3. Paano kung hindi ako makagawa ng buong pagbabayad ng buwis sa ari-arian hanggang Abril 10, 2020 dahil sa epekto ng COVID-19?

Sagot: Hinihikayat namin ang lahat ng mga may ari-arian na makakayang magbayad ng kanilang mga buwis sa takdang oras na gawin ito. Tumutulong ang kita na ito na panatilihin gumagana ang pamahalaan at magbibigay ng mahahalagang serbisyo na inaasahan ng publiko, lalo na sa mga panahong katulad nito. Gayunpaman, kung hindi mo magawa ito, tinatanggap namin ang mga bahagyang pagbabayad na magbabawas sa halaga ng mga multa na ipapataw.

4. Maaari ba akong humiling ng pagkansela ng multa kung hindi ako makabayad sa takdang panahon dahil sa COVID-19?

Sagot: Oo. Gayunpaman, hindi isang bagay na paunang hinihiling ng mga nagbabayad ng buwis ang pagkansela ng multa. Simula sa Abril 11, ang araw pagkatapos ng takda sa pagbabayad ay magiging delinkuwerte ang mga buwis sa ari-arian, maaaring magsumite ng kahilingan para sa pagkansela ng multa sa aming website ang mga nagbabayad ng buwis na hindi nakabayad nang oras dahil sa mga kadahilanan na may kaugnayan sa COVID-19. Nagtalaga ang departamento ng isang espesyal na koponan upang iproseso ang mga kahilingan na ito na nagpapahiwatig na apektado sila ng pagsiklab.

5. Paano ko makukuha ang aking Numero ng Personal na Pagkakakilanlan (Personal Identification Number, PIN) upang magbayad sa online kung wala akong bill?

Sagot: Matatagpuan ang PIN sa anumang ligtas na bill ng buwis sa ari-arian at hindi nagbabago taun-taon. Kung wala kang bill sa buwis ng ari-arian sa taong ito, mangyaring sumangguni sa bill ng nakaraang taon. Mangyaring tandaan din na

Epekto ng Coronavirus (COVID-19) sa Buwis ng Ari-arian

Maa Madalas Itanong (Maa FAQ)

kinakailangan lamang ang PIN para sa mga pagbabayad sa online na e-Check.

6. Maaari bang itanggi ng County ang mga kaugnay na bayad sa serbisyo na 2.25 porsiyento para sa mga pagbabayad sa Credit/Debit card sa online at sa telepono?

Sagot: Hindi. Hindi maaring itanggi ng County ang nauugnay na bayad sa serbisyo na 2.25 porsiyento para sa credit/debit card na mga transaksyon. Sinisingil ang mga bayarin ng aming processor sa pagbabayad ng card upang mapadali ang transaksyon. Bilang paalala, walang gastos para sa mga pagbabayad sa e-Check online.

7. Mababawasan ba ang halaga ng buwis sa ari-arian dahil sa pang-ekonomiya na epekto ng COVID-19?

Sagot: Hindi. Itinatag sa petsa 1 ng Enero bawat taon ang mga halaga ng buwis sa ari-arian. Ang halaga ng buwis sa ari-arian na kasalukuyang nararapat para sa 2019-2020 Taunang Kinukuha na Buwis ng Ari-arian (Annual Secured Property Taxes) ay may petsa ng pagtalaga na Enero 1, 2019, at samakatuwid, walang pagbabawas ang magagawa sa kasalukuyang bayarin. Kung mayroon kang mga katanungan na may kaugnayan sa pagtanggi-sa-halaga o pagtatantya sa personal na ari-arian ng negosyo (business personal property valuations), mangyaring makipag-ugnay sa Tanggapan ng Assessor sa (213) 974-3211 bisitahin ang kanilang website sa <https://assessor.lacounty.gov/>.

8. Ipinadala ko ang aking bayad sa buwis ng ari-arian, subalit hindi ipinapakita ng inyong sistema ang aking binayaranang buwis. Ano ang dapat kong gawin?

Sagot: Maaaring maantala ang mga oras ng pagproseso para sa mga pagbabayad na ipinadala dahil sa kasalukuyang mga alalahanin sa kalusugan ng publiko. Ipoproseso namin ang lahat ng mga ipinadalang pagbabayad sa lalong madaling panahon. Kung hindi maiproseso ang iyong pagbabayad hanggang Abril 10, 2020, maaari kang humiling ng pagkansela ng multa tulad ng nakabalangkas sa itaas.

9. Kung ang paggamit ng U.S. Postal Service (USPS) o mga serbisyo sa koreo (FedEx, UPS, atbp.) upang maihatid ang aking pagbabayad ng buwis sa ari-arian, at sarado ang mga Gusali ng County, paano matatanggap ang aking pagbabayad?

Sagot: Sa ngayon, nakatatanggap kami ng sulat mula sa USPS at mga serbisyo sa koreo. Kung magbabago ang mga pangyayari, mayroon kaming kakayahang kanselahin ang mga multa para sa mga pagbabayad na napapanahong naipadala. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga ipinadalang pagbabayad, mangyaring mag-click dito: <https://ttc.lacounty.gov/avoid-penalties-by-understanding-postmarks/>

Epekto ng Coronavirus (COVID-19) sa Buwis ng Ari-arian

Mga Madalas Itanong (Mga FAQ)

10. Inaasahan ko ang refund sa buwis ng ari-arian. Maari bang maantala ang refund na ito ng COVID-19?

Sagot: Kinakailangan ng Batas ng Estado na mag-isyu ang Kolektor ng Buwis ng mga refund sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng paunang pagbabayad. Gayunpaman, dahil sa kasalukuyang istado ng emerhensiya, maaaring makaranas tayo ng hindi pangkaraniwang mga pagkaantala ng pagkamit sa takdang oras na ito.

Bilang paalala, maaari mong gamitin ang aming website upang tingnan ang mga buwis na dapat bayaran, humiling ng kopya ng bill, at maghanap ng kasaysayan ng pagbabayad. Mangyaring [PINDUTIN DITO](#) para sa karagdagang impormasyon sa lahat ng mga pagpipilian sa pagbabayad. Lumikha din kami ng [PANGUNAHING 5 MGA GAGAWIN AT HINDI GAGAWIN](#) na may nakakatulong na impormasyon sa pagbabayad ng buwis ng ari-arian, kabilang ang [Paano Iwasan Ang Mga Multa](#).

Maaari mo rin kaming tawagan sa 213-974-2111, o bisitahin ang aming website, ttc.lacounty.gov, para sa karagdagang impormasyon. Mangyaring tandaan na maaaring mabigat ang dami ng aming mga tawag at may maraming mga pagpipilian sa sariling serbisyo ang aming website.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa COVID-19, mangyaring bisitahin ang [Departamento ng Pampublikong Kalusugan \(Department of Public Health\)](#) na website. Bilang karagdagan, may website na may iba't ibang mga mapagkukunan para sa COVID-19 ang County ng Los Angeles - <https://lacounty.gov/covid19/>.